**Rob Bonta, Attorney General**

**Kagawaran ng Hustisya ng California**
**(California Department of Justice)**
**DIBISYON NG PAGPAPATUPAD NG BATAS**
**(DIVISION OF LAW ENFORCEMENT)**
**Stephen Woolery, Hepe**

# *BULLETIN NG IMPORMASYON*

| Paksa: | Blg. | Contact para sa impormasyon: |
|---|---|---|
| **Paunawa Tungkol sa Preliminaryong Injunction na Pinaghihigpitan ang Pagpapatupad ng Seksyon 22949.80, subdibisyon (a) ng Kodigo sa Negosyo at mga Propesyon ng California (California Business and Professions Code)** | 2024-DLE-06<br>*Petsa:*<br>08/06/2024 | Gabrielle Boutin<br>Deputy Attorney General<br>Seksyon ng Batas ng Pamahalaan<br>gabrielle.boutin@doj.ca.gov |

PARA SA: **LAHAT NG MGA ABOGADO NG DISTRITO, COUNSEL NG COUNTY, AT COUNSEL SA ESTADO NG CALIFORNIA**

Noong Hunyo 18, 2024, nag-isyu ang Pandistritong Hukuman ng United States (United States District Court) para sa Sentral na Distrito (Central District) ng California ng preliminaryong injunction sa kaso na *Junior Sports Magazines Inc., et al. v. Bonta*, Blg. 2:22-cv-04663-CAS (JCx).

Pinaghihigpitan ng preliminaryong injunction ang pagpapatupad ng seksyon 22949.80, subdibisyon (a) ng Kodigo sa Negosyo at mga Propesyon ng California (California Business and Professions Code) at inoobliga si Attorney General Rob Bonta, sa kanyang opisyal na kapasidad, gayundin ang kanyang mga opisyal, ahente, tagapaglingkod, empleyado, abogado , at iba pang kasamahan nila.

Isinasaad ng subdibisyon (a) ng seksyon 22949.80 ng Kodigo sa Negosyo at mga Propesyon ng California (California Business and Professions Code) na, "Ang miyembro ng industriya ng baril ay hindi dapat mag-advertise, mag-market, o magsaayos para sa paglalagay ng komunikasyon ng pang-advertise o pang-market na nag-aalok o nagpo-promote ng anumang produktong kaugnay ng baril sa paraang idinisenyo, nilayon, o makatuwirang pinagmumukhang kaakit-akit sa mga menor de edad."

Inuutusan ang Attorney General ng utos ng hukuman na nag-iisyu ng preliminaryong injunction na abisuhan ang lahat ng Abogado ng Distrito, Counsel ng County, at Abogado ng Lungsod ng tungkol sa kaso at na pansamantalang pinaghihigpitan ang pagpapatupad ng seksyon 22949.80, subdibisyon (a).

Nakalakip dito ang kumpletong utos ng hukuman bilang "Kalakip 1."

# Kalakip 1

PANDISTRITONG HUKUMAN NG UNITED STATES
(UNITED STATES DISTRICT COURT)
SENTRAL NA DISTRITO NG CALIFORNIA (CENTRAL DISTRICT OF CALIFORNIA)

**MGA KATITIKANG SIBIL – PANGKALAHATAN 'O'**

| | | | |
|---|---|---|---|
| | 2:22-cv-04663-CAS (JCx) | Petsa | Hunyo 18, 2024 |
| Pamagat | JUNIOR SPORTS MAGAZINES INC. v. ROB BONTA | | |

Present: Ang Kagalang-galang CHRISTINA A. SNYDER

| Catherine Jeang | Hindi Present | HINDI NAAANGKOP |
|---|---|---|
| Deputy Clerk | Reporter / Recorder ng Hukuman | Tape Blg. |

| Mga Abogado na Naririto para sa mga Nagsasakdal: | Mga Abogado na Naririto para sa mga Nasasakdal: |
|---|---|
| Hindi Present | Hindi Present |

**Mga Paglilitis:** (NASA PRIBADO) – MOSYON NG MGA NAGSASAKDAL NA IPATUPAD ANG MANDATO NG IKASIYAM NA CIRCUIT AT MAG-ISYU NG PRELIMINARYONG INJUNCTION (Dkt. 59, isinampa noong Mayo 2, 2024)

## I. PANIMULA

Kasalukuyang nasa harap ng Hukuman ang mosyon ng mga nagsasakdal na ipatupad ang mandato ng Ikasiyam na Circuit at magpatupad ng preliminaryong injunction. Dkt. 59.

Noong Hulyo 7, 2022, ang mga nagsasakdal na/sina Junior Sports Magazines Inc.; Raymond Brown, California Youth Shooting Sports Association, Inc.; Redlands California Youth Claw Shooting Sports, Inc.; California Rifle & Pistol Association, Incorporated; Ang CRPA Foundation; Gun Owners of California, Inc.; at Second Amendment Foundation (kolektibo bilang “mga nagsasakdal”) ay nagsampa ng kaso laban kay Rob Bonta, sa kanyang opisyal na kapasidad bilang Attorney General ng California. Dkt. 1 (“Compl.”). Hinahamon ng mga nagsasakdal ang pagiging naayon sa saligang batas, at hinahangad na pigilan ang pagpapatupad, ng Seksyon 22949.80. ng Kodigo ng Negosyo at mga Propesyon ng California (California Business & Professions Code) Id. sa 4. Ipinagbabawal ng Seksyon 22949.80(a) ang mga miyembro ng industriya ng baril na mag-advertise o mag-market, gaya ng tinukoy, ng mga produktong kaugnay ng baril sa “paraang idinisensyo, nilayon, o makatuwirang pinagmumukhang kaakit-kait sa mga menor de edad.” Id.

PANDISTRITONG HUKUMAN NG UNITED STATES
(UNITED STATES DISTRICT COURT)
SENTRAL NA DISTRITO NG CALIFORNIA (CENTRAL DISTRICT OF CALIFORNIA)

**MGA KATITIKANG SIBIL – PANGKALAHATAN 'O'**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Kaso Blg. | 2:22-cv-04663-CAS (JCx) | Petsa | Hunyo 18, 2024 |
| Pamagat | JUNIOR SPORTS MAGAZINES INC. v. ROB BONTA | | |

Iginigiit ng reklamo ng mga nagsasakdal ang mga paghahabol para sa (1) paglabag sa karapatan sa malayang pananalita ("pampulitika at ideolohikal na pananalita") sa ilalim ng Unang Susog (First Amendment); (2) paglabag sa karapatan sa komersyal na pananalita sa ilalim ng Unang Susog; (3) paglabag sa mga karapatan sa asosasyon at pagtitipon sa ilalim ng Unang Susog; at (4) paglabag sa Sugnay sa Pantay na Proteksyon (Equal Protection Clause) ng Ika-labing-apat na Susog (Fourteenth Amendment). Compl. 107-230.

Noong Hulyo 20, 2022, naghain ang mga nagsasakdal ng mosyon para sa preliminaryong injunction na naghihigpit sa pagpapatupad ng Seksyon 22949.80. Dkt. 12-1.

Noong Agosto 30 at 31, 2022, ipinasa ng Senado at Asembliya ng California ang AB 160, na naglalaman ng mga susog sa Seksyon 22949.80. Noong Setyembre 29, 2022, nilagdaan ni Gobernador Gavin Newsom ang AB 160 bilang batas.

Noong Oktubre 24, 2022, tinanggihan ng Hukuman ang mosyon ng mga nagsasakdal para sa isang preliminaryong injunction. Dkt. 35. Noong Nobyembre 21, 2022, nag-apela ang mga nagsasakdal sa pagtanggi ng Hukuman sa kanilang mosyon para sa isang preliminaryong injunction sa Ikasiyam na Circuit. Dkt. 37.

Noong Setyembre 13, 2023, binaliktad ng Ikasiyam na Circuit ang pagtanggi ng Hukuman sa mosyon ng mga nagsasakdal at ibinalik ang "para sa karagdagang mga paglilitis na naaayon sa opinyon [ng Ikasiyam na Circuit]." Dkt. 46. Noong Pebrero 28, 2024, inisyu ng Ikasiyam na Circuit ang mandato nito. Dkt. 51.

Noong Mayo 2, 2024, nagsampa ng agarang mosyon ang mga nagsasakdal para ipatupad ang mandato ng Ikasiyam na Circuit at mag-isyu ng preliminaryong injunction. Dkt. 59 ("Mot."). Noong Mayo 20, 2024, nagsampa ng limitadong oposisyon ang nasasakdal. Dkt. 62 ("Opp."). Noong Mayo 24, 2024, naghain ng sagot ang mga nagsasakdal. Dkt. 63 ("Sagot").

Noong Hunyo 4, 2024, naghain ang nagsasakdal ng paunawa ng karagdagang awtoridad. Dkt. 64.

Noong Hunyo 10, 2024, nagsagawa ng pagdinig ang Hukuman. Sumusunod ang mga obserbasyon at kongklusyon ng Hukuman matapos ang maingat na pagsasaalang-alang sa mga argumento at isinumite ng mga partido.

PANDISTRITONG HUKUMAN NG UNITED STATES
(UNITED STATES DISTRICT COURT)
SENTRAL NA DISTRITO NG CALIFORNIA (CENTRAL DISTRICT OF CALIFORNIA)

**MGA KATITIKANG SIBIL – PANGKALAHATAN 'O'**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Kaso Blg. | 2:22-cv-04663-CAS (JCx) | Petsa | Hunyo 18, 2024 |
| Pamagat | JUNIOR SPORTS MAGAZINES INC. v. ROB BONTA | | |

## II. BACKGROUND

### A. AB 2571/Seksyon 22949.80

Noong Hunyo 30, 2022, nilagdaan ni Gobernador Gavin Newsom ang AB 2571 bilang batas. Compl. 43. Gaya ng unang isinabatas, idinaragdag ng AB 2571 ang Kabanata 39 "Pag-market ng mga Baril sa mga Menor De Edad (Marketing Firearms to Minors)" sa Kodigo sa Negosyo at mga Propesyon ng California (California Business and Professions Code). Kasama sa kababagong Seksyon 22949.80 ang mga subseksyon (a) hanggang (f), na inilalarawan sa ibaba.

#### 1. Subseksyon (a)

Ipinagtitibay ng Seksyon 22949.80(a)(l) na "[ang] miyembro ng industriya ng baril ay hindi dapat mag-advertise, mag-market, o magsaayos para sa paglalagay ng komunikasyon ng pang-advertise o pang-market na nag-aalok o nagpo-promote ng anumang produktong kaugnay ng baril sa paraang idinisenyo, nilayon, o makatuwirang pinagmumukhang kaakit-akit sa mga menor de edad."

#### 2. Subseksyon (b)

Isinasaad ng Seksyon 22949.80(b) na ang "[isang] miyembro ng industriya ng baril na naglilimbag ng materyales na nakadirekta sa mga menor de edad sa estadong ito o may aktwal na kaalaman gumagamit o tumatanggap ng materyales nito ang isang menor de edad sa estadong ito, ay dapat hindi sadyang gumamit, magbunyag, mag-ipon, o payagan ang third party na gumamit, magbunyag, o mag-ipon, ng personal na impormasyon ng menor de edad na iyon na may aktwal na kaalamang ang paggamit, pagbubunyag, o pag-iipon ay para sa layuning mag-market o mag-advertise sa menor de edad na iyon ng anumang produktong nauugnay sa baril."

#### 3. Subseksyon (c)

Isinisaad ng Seksyon 22949.80(c) ang mga kahulugan para sa mga terminong isinangguni sa ibang subseksyon. Ang "miyembro ng industriya ng baril" ay binigyang-kahulugan ng Subseksyon 22949.80(c)(4) sa dalawang di-eksklusibong paraan. Ang unang kahulugan ay isang "tao, firm, korporasyon, kompanya, partnership, society, joint stock na kompanya, o anumang iba pang entidad o asosasyon na nakikibahagi sa paggawa, pamamahagi, pag-angkat, pag-market, pagbebenta nang pakyawan, o tingian ng mga

PANDISTRITONG HUKUMAN NG UNITED STATES
(UNITED STATES DISTRICT COURT)
SENTRAL NA DISTRITO NG CALIFORNIA (CENTRAL DISTRICT OF CALIFORNIA)

**MGA KATITIKANG SIBIL – PANGKALAHATAN 'O'**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Kaso Blg. | 2:22-cv-04663-CAS (JCx) | Petsa | Hunyo 18, 2024 |
| Pamagat | JUNIOR SPORTS MAGAZINES INC. v. ROB BONTA | | |

produktong nauugnay sa armas." Cal. Bus. & Prof. Code 22949.80(c)(4)(A). Ang pangalawang kahulugan ay:

> Isang tao, firm, korporasyon, kompanya, partnership, society, joint stock na kompanya, o anumang iba pang entidad o asosasyon na nabuo para sa tahasang layunin ng pag-promote, paghikayat, o pagtataguyod ng pagbili, paggamit, o pagmamay-ari ng mga produktong nauugnay sa baril na gumagawa ng isa sa mga sumusunod:
>
> (i) Nag-a-advertise ng mga produktong nauugnay sa baril.
>
> (ii) Nag-a-advertise ng mga event kung saan ibinebenta o ginagamit ang mga produktong nauugnay sa baril.
>
> (iii) Nag-eendorso ng mga partikular na produktong nauugnay sa baril.
>
> (iv) nag-i-sponsor o kung hindi man ay nagpo-promote ng mga event kung saan ibinebenta o ginagamit ang mga produktong nauugnay sa baril.

Id. sa 22949.80(c)(4)(B).

Binigyang kahulugan ang "produktong nauugnay sa baril" sa Subseksyon 22949.80(c)(5) bilang "baril, bala, nai-reload na bala, piyesa na precursor ng baril, piyesa ng baril, o accessory ng baril" na tumutugon sa alinman sa apat na kondisyong ito: " [i]pinagbebenta, ginagawa, o ipinapamahagi ang item sa California," "[n]ilalayong ibenta o ipamahagi ang item sa California," "[m]akatuwirang maipagpapalagay na ipagbebenta o makukuha ang item sa California," o "nakadirekta ang pagma-market o pag-a-advertise para sa item sa mga residente ng California." Id. at § 22949.80(c)(5).

Binigyang-kahulugan ang "[p]ag-market o pag-advertise" sa Subseksyon 22949.80(c)(6) para mangahulugang "kapalit ng kompensasyong pera, para gumawa ng komunikasyon sa isa o higit pang indibidwal, o para magsaayos ng pamamahagi sa publiko ng komunikasyon, tungkol sa produkto, na ang pangunahing layunin ay hikayatin ang mga tatanggap ng komunikasyon para pumasok sa komersyal na transaksyon." Id. sa § 22949.80(c)(6).

PANDISTRITONG HUKUMAN NG UNITED STATES
(UNITED STATES DISTRICT COURT)
SENTRAL NA DISTRITO NG CALIFORNIA (CENTRAL DISTRICT OF CALIFORNIA)

**MGA KATITIKANG SIBIL – PANGKALAHATAN 'O'**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Kaso Blg. | 2:22-cv-04663-CAS (JCx) | Petsa | Hunyo 18, 2024 |
| Pamagat | JUNIOR SPORTS MAGAZINES INC. v. ROB BONTA | | |

4. Subseksyon (d)

Isinasaad ng Seksyon 22949.80(d) na "hindi dapat ipakahulugan ang seksyong ito na kinakailangan o nagpapahintulot sa miyembro ng industriya ng baril na mangolekta o magpanatili ng impormasyon ng edad tungkol sa user o subscriber ng mga produkto o serbisyong iniaalok."

5. Subseksyon (e)

Isinasaad ng Seksyon 22949.80(e) na sinumang lalabag sa seksyong ito ay "dapat managot ng sibil na parusa nang hindi lalampas sa [$25,000] para sa bawat paglabag, na dapat tasahin at singilin sa aksyong sibil na isasagawa sa ngalan ng mamamayan ng Estado ng California sa pamamagitan ng Attorney General o sa pamamagitan ng sinumang abogado ng distrito, counsel ng county, o abogado ng lungsod sa alinmang hukuman na may nararapat na hurisdiksyon." Id. § 22949.80(e)(l). Pinahihintulutan din ng subseksyon 22949.80(e)(3) ang sinumang "tao na napinsala ng paglabag ng seksyong ito" para "simulan ang aksyong sibil para masingil ang kanilang mga aktwal na pinsala," gayundin ang "mga makatuwirang bayad sa abogado at gastusin." Id. at § 22949.80(e)(3)-(5).

6. Subseksyon (f)

Ang Seksyon 22949.80(f) ay isang sugnay sa paghihiwalay (severability clause) na nagbibigay ng:

> Ang mga probisyon ng seksyong ito ay puwedeng ihiwalay. Kung ituturing na hindi valid sa anumang dahilan ng anumang hukuman nang may nararapat na hurisdisksyon ang anumang bahagi, subdibisyon, talata, sugnay, pangungusap, parirala, salita, o paglalapat ng seksyon ito, hindi dapat makaapekto ang desisyong iyon sa pagiging valid ng natitirang bahagi ng kabanatang ito. Ipinapahayag ng Lehislatura na puwede nitong mapagtibay ang seksyong ito at bawat isang bahagi, subdibisyon, talata, sugnay, pangungusap, parirala, salita, at paglalapat na hindi idineklarang hindi valid o hindi naaayon sa saligang batas nang walang pagsasaalang-alang kung idedeklarang hindi valid ang anumang ibang bahagi ng seksyong ito o paglalapat nito.

Id. at § 22949.80(f).

PANDISTRITONG HUKUMAN NG UNITED STATES
(UNITED STATES DISTRICT COURT)
SENTRAL NA DISTRITO NG CALIFORNIA (CENTRAL DISTRICT OF CALIFORNIA)

**MGA KATITIKANG SIBIL – PANGKALAHATAN 'O'**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Kaso Blg. | 2:22-cv-04663-CAS (JCx) | Petsa | Hunyo 18, 2024 |
| Pamagat | JUNIOR SPORTS MAGAZINES INC. v. ROB BONTA | | |

### B. Pagtanggi sa Mosyon ng Nagsasakdal para sa Preliminaryong Injunction

Noong Oktubre 24, 2022, tinanggihan ng Hukuman ang mosyon ng mga nagsasakdal para sa preliminaryong injunction na naghihigpit sa pagpapatupad ng Seksyon 22949.80. Dkt. 35. Tinanggihan ng Hukuman ang mosyon makalipas na maobserbahan malamang na hindi magtagumpay ang mga nagsasakdal sa mga merito ng kanilang mga paghahabol. Sa gayon, binanggit ng Hukuman na, maliban sa pagbabawal ng Seksyon 22949.80(a) sa pag-advertise ng mga produktong nauugnay sa baril sa mga menor de edad, ang Seksyon 22949.80 ay "naglalaman [din] ng dalawang probisyong nauugnay sa privacy, ang mga Subseksyon 22949.80(b) at 22949.80(d)." Id. sa 6 n.3. Binanggit pa nito na "[w]ala alinman sa [mga subseksyon na ito] ang hinamon ng mga nagsasakdal sa kanilang reklamo o briefing . . . , bagama't malinaw na napapaloob ang mga ito sa kahilingan ng mga nagsasakdal na 'paghigpitan ang pagpapatupad ng [S]eksyon 22949.80.' " Id. sa 6 n.3.

### C. Opinyon ng Ikasiyam na Circuit

Binawi ng Ikasiyam na Circuit, sa pasyang "malamang na makapangibabaw ang Junior Sports Magazines sa mga merito ng mga paghahabol nito sa Unang Susog (First Amendment)." Dkt. 46 sa 11. Sa partikular, napagpasyahan nitong ang "[Seksyon] 22949.80 ay malamang na labag sa saligang batas sa ilalim ng Unang Susog (First Amendment), at kung gayon, BINABALIKTAD namin ang pagtanggi ng pandistritong hukuman para sa preliminaryong injunction at IBINABALIK para sa higit pang paglilitis alinsunod sa opinyong ito." Id. sa 21.

Ipinapanukala na ngayon ng mga nagsasakdal ang preliminaryong injunction na nag-uutos na:

> [S]a panahon ng pagresolbang ito, pinaghihigpitan at pinipigilan ang pinangalanang Nasasakdal, kanyang mga empleyado, ahente, kapalit sa posisyon, at lahat ng Abogado ng Distrito, Counsel ng County, at Abogado sa Lungsod na may posisyon sa estado ng California, gayundin ang kanilang mga kapalit sa posisyon, mula sa pakikilahok, pagsasagawa, o pagganap, direkta o di-direkta, sa anumang paraan, sa anumang pagpapatupad ng AB 2571, na nakabilang sa seksyon 22949.80 ng Kodigo sa Negosyo at mga Propesyon (Business & Professions Code)[.]

Dkt. 59-3 at 2.

## III. TALAKAYAN

Hindi nagkakasundo ang mga partido sa dalawang isyu ayon sa saklaw ng injunction na kinakailangan ng mandato ng Ikasiyam na Circuit. Una, hindi nagkakasundo ang mga ito kung pinasyahan ng Ikasiyam na Circuit na malamang na labag sa saligang batas ang Seksyon 22949.80 *sa kabuuan nito,* o kung limitado ang pasya nito sa *subseksyon (a) lang* ng Seksyon 22949.80. Ikalawa, hindi nagkakasundo ang mga ito kung puwedeng palawigin ang injunction sa "lahat ng abogado ng Distrito, Counsel ng County, at Abogado ng County na may posisyon sa estado ng California." Tingnan ang Dkt. 59-3 sa 2. Tinutugunan ng Korte ang bawat isyu sa tum.

### A. Saklaw sa Batas ng Injunction

Ikinakatuwiran ng mga nasasakdal na "may karapatan sila sa preliminaryong injunction na naghihigpit sa pagpapatupad ng [S]eksyon 22949.80 [] sa kabuuan nito" dahil "[n]agawa na ng Ikasiyam na Circuit ang lahat ng kailangang kongklusyon para sa pagkakaloob ng preliminaryong injunction sa disposisyon nito." Mot. sa 6. Iginigiit nilang "[s]umasalungat ang purong teksto ng opinyon ng [Ikasiyam na Circuit] – na siya nang batas ng kaso – sa pahayag" na "idineklara lang ng Ikasiyam na Circuit ang subsuksyon (a) na labag sa batas." Id. sa 7. Bilang suporta, binibigyang-diin nila na (1) tahasang humihiling ang kanilang inisyal na mosyon para sa preliminaryong injunction ng isang injunction na naghihigpit sa "anumang pagpapatupad ng AB 2571, na nakabilang sa [S]eksyon 22949.80 ng Kodigo sa Negosyo at mga Propesyon (Business and Professions Code)"; (2) hindi kailanman nangatuwiran ang nasasakdal na "ang pagiging naaayon sa saligang batas*lang* ng subseksyon (a) ang *tanging* isyu sa apela"; (3) kinikilala ang petisyon ng nasasakdal para sa muling pagdinig na ang mga nagsasakdal ay "nagpanukala para sa isang preliminaryong injunction laban sa Seksyon 22949.80 *sa kabuuan nito";* (4) ang Silangang Distrito (Eastern District), sa koordinadong kaso ng Safari Club International v. Bonta, No. 22-cv-01395-DAD-JDP (E.D. Cal.), ay naglabas na ng preliminaryong injunction laban sa pagpapatupad ng buong batas; (5) ang nasasakdal at ang Hukumang ito ay "napigilan ... mula sa muling pagsasaalang-alang sa opinyon ng Ikasiyam na Circuit sa pagbabalik"; at (6) idinagdag sana ng Ikasiyam na Circuit ang "(a)" pagkatapos ng "§ 22949.80" kung nilalayon nilang limitahan ang kanilang pasya sa subseksyon (a). Id. sa 8-10.

PANDISTRITONG HUKUMAN NG UNITED STATES
(UNITED STATES DISTRICT COURT)
SENTRAL NA DISTRITO NG CALIFORNIA (CENTRAL DISTRICT OF CALIFORNIA)

**MGA KATITIKANG SIBIL – PANGKALAHATAN 'O'**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Kaso Blg. | 2:22-cv-04663-CAS (JCx) | Petsa | Hunyo 18, 2024 |
| Pamagat | JUNIOR SPORTS MAGAZINES INC. v. ROB BONTA | | |

Ang mga nagsasakdal ay higit pang nangangatuwiran na "[p]inipigilan ang pagtitiwala na isipin na ang natitirang bahagi ng [S]eksyon 22949.80 ay may bisa pa rin" ayon sa kongklusyon ng Ikasiyam na Circuit "na direktang nagbebenta ng mga baril sa mga menor de edad (hangga't ang naturang pag-market ay sumusunod sa pederal at pang-estadong batas) ay protektado ng komersyal na pananalita sa ilalim ng Unang Susog (First Amendment)." Mot. at 9-10. Iginiit nila na ang subseksyon (b), na nagbabawal sa pagsisiwalat ng personal na impormasyon ng mga menor de edad para sa layunin ng pagbebenta ng mga produktong nauugnay sa baril sa naturang mga menor de edad, ay hindi pinahihintulutang pagkontrol sa protektadong aksyon dahil nalaman ng Ikasiyam na Circuit na "ang mga aktibidad sa marketing ng mga miyembro ng industriya ng baril. .. [ay] protektadong pananalita." Id. sa 10.

Sinasabi nila na ang subseksyon (d) ay nabigo para sa parehong dahilan. Id. Iginiit pa nila na ang mga kahulugan ng subseksyon (c) ay "puwedeng malabo na ngayon dahil ang batas na gumagamit ng mga code-specific na kahulugan ay napatunayang labag sa saligang batas," at nangangatuwiran din na ang subskesyon (e) "ay ginawang walang katuturan dahil ito ang mekanismo sa pagpapatupad para sa [labag sa saligang-batas na] pamamaraan." Id. Sa wakas, kinilala nila ang subseksyon (f) bilang "ang vestigial severability clause kung saan nakabatay ang California." Id.

Bilang pagsalungat, iginigiit ng nasasakdal na ang mga nagsasakdal ay "hindi ipinakitang may karapatan sila sa anumang injunction sa subseksyon (b) ng [S]eksyon 22949.80." Opp. sa 7. Tinukoy nila na "nauna nang naobserbahan ng Hukumang ito [na] hindi kinuwestyon ng mga [n]agsasakdal ang pagiging naaayon sa saligang batas ng mga regulasyon sa privacy sa subdibisyon (b) sa alinman sa kanilang [r]eklamo o kanilang orihinal na mosyon para sa preliminaryong injunction." Id. Hindi rin di-umano kinuwestyon ng mga nagsasakdal ang pagiging naaayon sa saligang batas ng subdibisyon (b) sa apela sa Ikasiyam na Circuit at "sa anumang yugto ay hindi [] napagtibay ang alinman sa mga elementong kinakailangan para sa injunctive relief tungkol sa subdibisyon (b)." Id. Sa halip, ang mga argumento ng mga nagsasakdal ay di-umano'y "limitado sa mga regulasyon ng pag-advertise sa subdibisyon (a), na ipinagpapalagay na nahihiwalay mula sa natitirang bahagi ng batas." Id. (sinisipi ang Cal Bus. & Prof. Code § 22949.80(f)).

Sinasabi ng mga nasasakdal na partikular na kinakailangan ng opinyon ng Ikasiyam na Circuit ang Hukuman para magsagawa ng higit pang paglilitis "alinsunod" sa opinyon nito. Opp. sa 7-8 (sinisipi ang Dkt. 46). Ikinakatuwiran nito na ang opinyon ng Ikasiyam

PANDISTRITONG HUKUMAN NG UNITED STATES
(UNITED STATES DISTRICT COURT)
SENTRAL NA DISTRITO NG CALIFORNIA (CENTRAL DISTRICT OF CALIFORNIA)

**MGA KATITIKANG SIBIL – PANGKALAHATAN 'O'**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Kaso Blg. | 2:22-cv-04663-CAS (JCx) | Petsa | Hunyo 18, 2024 |
| Pamagat | JUNIOR SPORTS MAGAZINES INC. v. ROB BONTA | | |

na Circuit ay "nagtatalakay at nagsusuri *lang* ng mga regulasyon ng pag-advertise sa subdibisyon (a)" at hindi isinasaalang-alang, lalo nang hindi nagpapasya, sa posibleng pagiging naaayon sa saligang batas ng mga regulasyon sa privacy sa subdibisyon (b). Id. sa 8. Bagama't ang opinyon, "tulad ng mga pagsasampa ng Hukumang ito at ng mga partido sa harap nito, ay karaniwang tumutukoy minsan sa '[S]eksyon 22949.80' o 'AB 2571' ... ginamit lang ng mga partido at ng mga hukuman ang mga pariralang iyon bilang maikling bersyon para sa ang regulasyon sa pag-advertise sa subdibisyon (a)." Id. sa 8. Binibigyang-diin ng nasasakdal na ang Ikasiyam na Circuit, kapag inilalarawan ang kinukuwestyong regulasyon, ay sinipi lang ang subseksyon (a). Id. Binibigyang-diin pa nito na ang Ikasiyam na Circuit ay "*hindi* nagdesisyong dapat na pinagtibay ng Hukumang ito ang mga dating iminungkahing utos ng mga [n]agsasakdal." Id. sa 9.

Naninindigan din ang nasasakdal na hindi kailanman ipinaliwanag o pinatunayan ng mga nagsasakdal na ang mga regulasyon sa privacy ng subdibisyon(b) ay "kinakailangang pumipigil sa mga [n]agsasakdal na magsalita gaya ng inilarawan sa subdibisyon(a)." Opp. sa 9. Kinukuwestyon nila kung bakit kailangang ibunyag ang impormasyon ng menor de edad sa mga third party upang maglimbag ng mga advertisement ng baril na nakadirekta sa mga menor de edad, at kung bakit kailangang gamitin ng mga publikasyon ang personal na impormasyon ng mga menor de edad sa halip na ang sa kanilang mga magulang. Id. sa 9-10. Sa wakas, iginiit nila na "hindi na kailangang paghigpitan ang mga subdibisyon (c) hanggang (f) ng [S]eksyon 22949.80" dahil ipinapaalam lamang ng mga subdibisyong ito kung paano dapat bigyang-kahulugan at ipatupad ang mga subdibisyon (a) at (b) at "hindi ipinagbabawal ang anumang pananalita o asal." Id. sa 10.

Bilang sagot, ikinakatuwiran ng mga nagsasakdal na sinasalungat ng katuwiran ng nasasakdal ng purong pangungusap ng opinyon ng Ikasiyam na Circuit, na nagsasabing, "[s]a suma, pinagpapasyahan naming posibleng labag sa saligang batas ang § 29949.80 sa ilalim ng Unang Susog (First Amendment)." Sagot sa 5-6 (sinisipi ang Dkt. 46). Muli nilang binibigyang-diin na ang kanilang reklamo ay "kumukuwestyon sa *kabuuan* ng seksyon 22949.80." Id. sa 6 (idinagdag ang diin). Bagamat ang Hukumang ito ay "naobserbahang hindi malinaw kung ang kinukuwestyon ba ng mga [n]agsasakdal ba ang anuman maliban sa subseksyon (a), [] sa huli'y kinilala nito ang mosyon ng mga [n]agsasakdal para sa preliminaryong injunction na naghahangad ng paghihigpit sa lahat ng subseksyon ng batas." Id. Ikinakatuwiran ng mga nagsasakdal na "hindi kailanman nila pinagtibay ang '[S]eksyon 22949.80' bilang pinaikling bersyon ng anuman – lalo na ng [S]eksyon 22949.80(a)." Id. sa 7.

PANDISTRITONG HUKUMAN NG UNITED STATES
(UNITED STATES DISTRICT COURT)
SENTRAL NA DISTRITO NG CALIFORNIA (CENTRAL DISTRICT OF CALIFORNIA)

**MGA KATITIKANG SIBIL – PANGKALAHATAN 'O'**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Kaso Blg. | 2:22-cv-04663-CAS (JCx) | Petsa | Hunyo 18, 2024 |
| Pamagat | JUNIOR SPORTS MAGAZINES INC. v. ROB BONTA | | |

May dalawang isyu sa harap ng Hukuman tungkol sa saklaw ng kahilingan ng nagsasakdal para sa preliminaryong injunction: una, ang mandato ba ng Ikasiyam na Circuit ay nag-aatas sa Korte na paghigpitan ang subseksyon (a) *at* subseksyon (b) ng Seksyon 22949.80, at kung hindi, pangalawa, ang katuwiran ba ng Ikasiyam na Circuit ay nagmumungkahi na ang subpart (b) ay hindi naiiba mula sa subpart (a) kung saan dapat na maghigpit sa pareho? Tinutugunan ng Hukuman ang bawat isyu sa tum.

Nauna nang nalaman ng Hukuman iniaatas ng mandato ng Ikasiyam na Circuit na paghigpitan nito ang pagpapatupad ng subseksyon (a) pero hindi ng subseksyon (b).

Ayon sa tuntunin ng mandato, anumang “pandistritong hukuman na may mandato ng apellate na hukuman ay hindi puwedeng baguhin o suriin ang mandatong iyon para sa anumang layunin maliban sa ipatupad ito.” Hall v. City of Los Angeles, 697 F.3d 1059, 1067 (9th Cir. 2012). Gayunpaman, hindi saklaw ng tuntunin ng mandato ang mga isyung hindi natugunan o napigilan ng apellate na hukuman. Bagamat “obligado ang mga mas mababang hukuman na isagawa ang mga tuntunin ng isang mandato, malaya sila sa ‘anumang bagay na hindi napipigilan ng mandato.’” United States v. Kellington, 217 F.3d 1084, 1092-93 (9th Cir. 2000) (sinisipi ang Herrington v. Cty. of Sonoma, 12 F.3d 901,904 (9th Cir. 1993)). Samakatuwid, kapag ang isang korte ay “naharap sa mga isyu na hindi kailanman isinasaalang-alang ng remanding na hukuman, ang mandato ay 'nangangailangan ng paggalang sa kung ano ang napagpasyahan ng mas mataas na hukuman, hindi para sa kung ano ang hindi nito napagpasyahan.'" Hall, 697 F.3d sa 1067 (sinisipi ang Kellington, 217 F.3d sa 1093) (diin sa orihinal).

Tinugunan ng Ikasiyam na Circuit ang epekto at saklaw ng tuntunin ng mandato kasunod ng pagbabalik:

> Kapag minsan nang napagdesisyunan ng hukuman na ito sa apela ang isang kaso, at naibalik sa [pandistritong] korte, *anuman ang nasa harap ng hukuman na ito, at naresolba na sa pamamagitan ng desisyon nito,* ay itinuturing na sa wakas ay naayos na. Kailangang sumunod ng [pandistritong] korte sa pasya bilang batas ng kaso, at dapat isagawa ito sa pagpapatupad ayon sa mandato. Hindi ito puwedeng baguhin ng hukumang iyon, o suriin ito para sa anumang iba pang layunin maliban sa pagpapatupad; o bigyan ng anupamang iba pang relief, o repasuhin ito, kahit pa para sa malinaw na pagkakamali, sa pagpapasya sa anumang bagay kapag inapela; o makialam dito, nang higit pa sa pagsasaayos ng kung ano lang ang ibinalik dito.

United States v. Perez, 475 F.3d 1110, 1113 n.2 (9th Cir. 2007) (diin sa orihinal) (sinisipi ang Kellington, 217 F.3d sa 1093); tingnan din ang In re Sanford Fork & Tool Co., 160 US 247,255 (1895).

Samakatuwid, "[a]ng pangunahing gawain ay tukuyin ang mga bagay na napagpasyahan sa apela, at samakatuwid ay lampas sa hurisdiksyon ng mas mababang hukuman, mula sa mga bagay na wala pa" Perez, 475 F.3d sa 1113. Kapag gagawin ito, isinasaalang-alang namin "ang opinyon na ipinapatupad ng mandato pati na rin ang kasalukuyang estado ng kaso (procedural posture) at substantive na batas kung saan ito nagmumula." Id.

Dito, natuklasan ng Hukuman na hindi tinugunan ng mandato at opinyon ng Ikasiyam na Circuit ang pagiging naaayon sa saligang batas ng Seksyon 22949.80(b). Sa pagpapasya sa inisyal na mosyon ng mga nagsasakdal para sa isang preliminaryong injunction, tahasang binanggit ng Hukumang ito na ang Seksyon 22949.80 ay "naglalaman [din] ng dalawang probisyon na nauugnay sa privacy, ang mga Subseksyon 22949.80(b) at 22949.80(d)." Id. sa 6 n.3. Nabanggit nito na "[a]linman sa [mga subseksyong ito] ay kinuwestyon ng mga nagsasakdal sa kanilang reklamo o briefing ..., bagamat malinaw na sinasaklaw ang mga ito ng kahilingan ng mga nagsasakdal na <paghigpitan ang pagpapatupad ng [S]eksyon 22949.80."' Id. Nagpatuloy ang Hukuman na tasahin ang mga argumento ng mga nagsasakdal sa subseksyon (a) at sa huli'y tinanggihan ang kahilingan ng mga nagsasakdal para sa injunction para paghigpitan ang pagpapatupad ng buong batas. Hindi nito isinaalang-alang o sinuri kung ang nasasakdal ay preliminaryong paghihigpitan mula sa pagpapatupad ng subseksyon (b) ng batas sa partikular.

Sa apela, sinuri rin ng Ikasiyam na Circuit ang mga argumento ng mga partido tungkol sa subseksyon (a) at binaliktad. Tingnan ang Dkt. 46 sa 7 (na nagpapakilala sa Seksyon 22949.80 bilang "utos na '[ang] miyembro ng industriya ng baril ay hindi dapat mag-advertise, mag-market, o magsaayos para sa paglalagay ng komunikasyon ng pang-advertise o pang-market na nag-aalok o nagpo-promote ng anumang produktong kaugnay ng baril sa paraang idinisenyo, nilayon, o makatuwirang pinagmumukhang kaakit-akit sa mga menor de edad.' Cal. Bus. & Prof Code § 22949.80(a)(l)"). Hindi binabanggit ng opinyon ng Ikasiyam na Circuit, lalong hindi isinasaalang-alang ang pagiging naaayon sa saligang batas, ang mga regulasyon sa privacy sa subseksyon (b). Bagamat sa huli, sinasabi ng Ikasiyam na Circuit na "posibleng labag sa saligang batas sa ilalim ng Unang

PANDISTRITONG HUKUMAN NG UNITED STATES
(UNITED STATES DISTRICT COURT)
SENTRAL NA DISTRITO NG CALIFORNIA (CENTRAL DISTRICT OF CALIFORNIA)

**MGA KATITIKANG SIBIL – PANGKALAHATAN 'O'**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Kaso Blg. | 2:22-cv-04663-CAS (JCx) | Petsa | Hunyo 18, 2024 |
| Pamagat | JUNIOR SPORTS MAGAZINES INC. v. ROB BONTA | | |

Susog (First Amendment) ang [Seksyon] 22949.80," malinaw na malinaw na hindi isinaalang-alang o sinuri ng opinyon nito ang anumang aspeto ng subseksyon (b).

Pangalawa, natuklasan ng Korte na ang subseksyon (b) ay lumilitaw na nagbabawal ng iba't ibang kondukta kaysa sa subseksyon (a) sa paraang hindi ito saklaw ng katuwiran ng Ikasiyam na Circuit tungkol sa pagiging naaayon sa saligang batas ng subseksyon (a).

Ang subsection (b) ay lumilitaw na kinokontrol ang paggamit, pagbubunyag, at pag-iipon ng personal na impormasyon ng mga menor de edad. Partikular na limitado ang pagbabawal nito sa paggamit, pagbubunyag, at pag-iipon ng naturang impormasyon nang may kaalaman na ang naturang kondukta ay "para sa layunin ng pag-market o pag-advertise sa [mga] nauugnay na menor de edad ng anumang produktong nauugnay sa baril." Cal. Bus. & Prof. Code 22949.80(b). Sa madaling salita, mukhang hindi pinipigilan ng subseksyon (b) ang miyembro ng industriya ng baril na magpanatili ng mga pirbadong impormasyon ng mga menor de edad at gawing available ang impormasyong iyon sa mga miyembro ng ibang industriya na hindi sa baril, hal., mga tagagawa ng laruan, tagalikha ng produktong pagkain, atbp. Kung gayon, lumalabas ang Subskesyon (b) na regulasyon sa privacy na pumupuntirya partikular sa mga pagsisikap na mag-market/mag-advertise ng mga baril sa mga menor de edad, sa halip na pangkalahatang regulasyon tungkol sa privacy ng mga menor de edad. Hindi lubos na naipaliwanag ang posibillidad ng pagiging naaayon sa saligang batas ng naturang regulasyon at hindi natugunan ng Ikasiyam na Circuit, na tumugon lang sa pagiging naaayon sa saligang batas ng pag-ban sa mga advertisement ng baril sa mga menor de edad sa halip na pag-ban sa pagkolekta/pamamahagi ng mga pribadog impormasyon.

Alinsunod dito, pagkatapos suriin ang mandato ng Ikasiyam na Circuit at ang kaukulang opinyon para sa tanging "layunin [ng] pagpapatupad," tinanggihan ng

Hukuman ang kahilingan ng mga nagsasakdal para sa injunction na naghihigpit sa pagpapatupad ng Seksyon 22949.80(b) sa sandaling ito.[1] Tingnan ang Perez, 475 F.3d sa 1113 n.2 (na pinagpasyahang ang pandistritong hukuman ay "hindi maaaring magbago [ng mandato], o suriin ito para sa anumang [] layunin *[maliban] sa pagpapatupad")* (idinagdag ang diin).

**B. Mga Partido na Paghihigpitan**

Sa kanilang panukalang kautusan, hinahangad ng mga nagsasakdal na paghigpitan ang kondukta ng "[n]asasakdal, kanyang mga empleyado, ahente, kapalit sa posisyon, at lahat ng Abogado sa Distrito, Counsel sa County, at Counsel sa Lungsod na may posisyon sa estado ng California, gayundin sa kanilang mga kapalit sa posisyon." Dkt. 59-3 at 2.

Isinasaad ng Pederal na Tuntunin sa Sibil na Pamamaraan (Federal Rule of Civil Procedure) 65(d)(2) na ang injunction o restraining order ay "inaatasan lang ang sumusunod na nakatanggap ng aktwal na paunawa nito sa pamamagitan ng personal na serbisyo o ibang paraan: (A) mga partido; (B) mga opisyal, ahente, tagapaglingkod, empleyado, at abogado ng mga partido; at (C) ibang taong aktibong kasamahan o nakikilahok sa sinumang inilarawan" sa mga talata (A) o (B).

Sa limitado nitong oposisyon, ikinatuwiran ng nasasakdal na dapat limitado ang anumang preliminaryong injunction sa "mga tao lang na natukoy sa Tuntunin 65(d) - Nasasakdal, kanyang mga opisyal, ahente, tagapaglingkod, empleyado, at abogado, at iba pang tao na aktibong kasamahan nila." Opp. sa 10-11.

Bilang sagot, ikinatuwiran ng mga nagsasakdal na "puwedeng mag-utos ang Hukumang ito ng preliminaryong injunction hindi lamang sa Attorney General" (ibig sabihin, ang pinangalanang nasasakdal) "kundi pati na rin sa mga subordinate na opisyal na kung saan siya ay may direktang pangangasiwa ng awtoridad." Sagot sa 3. Iginigiit

---

[1] Sa pagdinig, kinuwestyon ng Hukuman kung angkop na patunayan ang isang tanong tungkol sa saklaw ng naunang opinyon ng Ikasiyam na Circuit sa hukuman ng mga apela. Ang mga partido ay pumayag sa panukalang ito. Sa pagrepaso, gayunpaman, lumilitaw na, bilang usapin ng pamamaraan, dapat mag-isyu ang Hukuman ng kautusan tungkol sa mosyon ng mga nagsasakdal para ipatupad ang utos ng Ikasiyam na Circuit na maaaring iapela agad. Tingnan ang 28 U.S.C. § 1292(a) (na nagsasaad na "ang mga hukuman ng mga apela ay magkakaroon ng hurisdiksyon ng mga apela mula sa [] interlocutory order ng mga pandistritong hukuman ng United States ... na nagbabago [o] tumatanggi sa ... mga injunction"). Dahil sapat na naipaliwanag ng mga partido ang tanong na ito, nagpatuloy ang Hukuman sa pagpapasya sa mosyon base sa kasalukuyang rekord.

PANDISTRITONG HUKUMAN NG UNITED STATES
(UNITED STATES DISTRICT COURT)
SENTRAL NA DISTRITO NG CALIFORNIA (CENTRAL DISTRICT OF CALIFORNIA)

**MGA KATITIKANG SIBIL – PANGKALAHATAN 'O'**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Kaso Blg. | 2:22-cv-04663-CAS (JCx) | Petsa | Hunyo 18, 2024 |
| Pamagat | JUNIOR SPORTS MAGAZINES INC. v. ROB BONTA | | |

nilang kasama sa listahang ito ang "lahat ng 58 Abogado ng Distrito na, kasama ng Attorney General, ay inaasahang magdadala ng mga aksyong sibil upang ipatupad ang AB 2571." Id. Ipinapahayag din nilang ang Hukumang ito ay "maaaring maghigpit ng . . . di-partidong mga Counsel ng County at mga Abogado ng Lungsod kahit na sila ay nagtatrabaho at kumakatawan sa mga lokal na subdibisyong pampulitika at hindi sa Estado mismo." Id. Sa partikular, ipinapahayag nilang ang mga naturang di-partido ay "may legal na relasyon (privity)" sa pinangalanang nasasakdal, ang Attorney General. Id. sa 4. Iginigiit ng mga nagsasakdal na ang "[p]uwedeng lumitaw ang legal na relasyon (privity) kung ang mga interes ng di-partido ay sapat na kinakatawan ng pinangalanang partido . . . o kung may iba pang ipinahiwatig o sa-katunayan ay representasyon o pagkakahanay ng mga interes ay umiiral sa pagitan ng mga partido." Id. (binabanggit ang Saga Int'l, Inc. v. John D. Brush & Co., 984 F. Supp. 1283, 1287 (C.D. Cal. 1997)).

Dito, ang mga interes ng mga di-partidong Counsel ng County at Abogado ng Lungsod ay di-umano'y :magkapareho sa mga interes ng Attorney General" dahil "[l]ahat sila at awtorisado ng Estado na maghatid ng mga aksyong sibil ... sa ilalim ng AB 2571 ... at pare-pareho sila ng interes sa pagtingin sa batas na ipinapatupad."[2] Id. sa 4.

Sa kanilang paunawa ng suplemental na awtoridad, ikinatuwiran pa ng mga nagsasakdal na ang kamakailangang desisyon ng Korte Suprema sa National Rifle Association of America v. Vullo, No. 22-842, 2024 WL 2751216, sa *11 (U.S. May 30, 2024), "ay sumusuporta sa argumento ng mga [n]agsasakdal na ang preliminaryong injunction sa usaping ito ay dapat na ipatupad laban sa mga Abogado ng Distrito, Counsel ng County, at Abogado ng Lungsod sa estado - at hindi lang sa Attorney General." Dkt. 64 sa 2. Partikular nilang ipinapaliwanag ang desisyon ng Korte Suprema na "ipinagbabawal ng Unang Susog (First Amendment) ang mga opisyal ng pamahalaan na piliing gamitin ang kanilang kapangyarihan para parusahan o pigilan

[2] Kung sakaling hindi sumang-ayon ang Hukuman, ang mga nagsasakdal ay "hihiling na ang Hukuman . . . ay magkaloob ng mandatoryong injunction[] na nag-uutos sa Attorney General na mag-isyu ng alerto na nagpapaunawa sa mga Abogado ng Distrito, Counsel ng County, at Abogado ng Lungsod sa California ng demandang ito at na puanang paghigpitan ang pagpapatupad ng AB 2571." Sagot sa 4.

PANDISTRITONG HUKUMAN NG UNITED STATES
(UNITED STATES DISTRICT COURT)
SENTRAL NA DISTRITO NG CALIFORNIA (CENTRAL DISTRICT OF CALIFORNIA)

**MGA KATITIKANG SIBIL – PANGKALAHATAN 'O'**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Kaso Blg. | 2:22-cv-04663-CAS (JCx) | Petsa | Hunyo 18, 2024 |
| Pamagat | JUNIOR SPORTS MAGAZINES INC. v. ROB BONTA | | |

ang pananalita, nang direkta o (gaya ng ipinaparatang dito) sa pamamagitan ng mga pribadong tagapamagitan."[3] Vullo, Blg. 22-842 sa *11.

Natuklasan ng Hukuman na ang preliminaryong injunction ay dapat na limitado sa Attorney General, sa kanyang mga opisyal, ahente, tagapaglingkod, empleyado, at abogado, at iba pang mga taong aktibong kasama niya. Tumatanggi ang Hukuman na palawakin ang injunction para isama ang mga di-partidong Abogado ng Distrito, Counsel ng County, at Abogado ng Lungsod na hindi nagtatrabaho sa, at hindi kinakatawan ang, estado, na tinitingnan na walang oportunidad ang mga partidong ito na mapakinggan sa aksyong ito. Gayunpaman, ipinagkakaloob ng Hukuman sa kahilingan ng mga nagsasakdal ang mandatoryong injunction na nag-uutos sa Attorney General na mag-isyu ng babala na nagpapaunawa sa mga Abogado ng Distrito, Counsel ng County, at Abogado ng Lungsod sa California tungkol sa kasong ito at na preliminaryong pinaghihigpitan ang pagpapatupad ng Seksyon 22949.80(a).

## IV. KONGKLUSYON

Alinsunod sa mga nabanggit, **IPINAGKAKALOOB sa isang bahagi at TUMATANGGI sa isang bahagi** ang Hukuman sa mosyon ng mga nagsasakdal para sa preliminaryong injunction. **TUMATANGGI** ang Hukuman sa mosyon ng mga nasasakdal para paghigpitan ang pagpapatupad ng Seksyon 22949.80 sa kabuuan nito at sa halip ay **IPAGKALOOB** ang preliminaryong injunction na naghihigpit sa pagpapatupad ng Section 22949.80(a) lang. Ipapailalim ng injunction ang nasasakdal, kanyang mga opisyal, ahente, tagapaglingkod, empleyado, at abogado, at iba pang tao na aktibong kasama nila. ipinag-uutos pa sa Attorney General na mag-isyu ng babala na nagpapaunawa sa mga Abogado ng Distrito, Counsel ng County, at Counsel ng Lungsod sa California tungkol sa kasong ito at na preliminaryong paghihigpitan ang pagpapatupad ng Seksyon 22949.80(a).

IPINAG-UUTOS ITO.

00 : 00

Mga Inisyal ng Tagapaghanda CMJ

[3] Ang desisyon ng Korte Suprema sa Vullo ay mukhang hindi tumutugon sa tanong kung may legal na relasyon (privity) ang mga di-partidong Counsel ng County at Abogado ng Lungsod sa Attorney General ng estado sa paraang napapasailalim sila sa injunction alinsunod sa Tuntunin 65(d)(2).